Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG NOBYEMBRE 19, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon D. Tan ......... | Kagawad – nasa lakad opisyal |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ......... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico ......... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 159-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 69-T'2007/ KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 02-T'2007 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTO ANGEL CENTRAL NA NAGPAPATIBAY SA KARAGDAGANG BADYET NG NABANGGIT NA BARANGAY NA MAY KABUUANG HALAGANG ISANG DAAN LIMAMPUNG LIBO, ISANGDAAN LIMAMPU'T ANIM NA PISO (P150,156.00).**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 69-T'2007/ Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 02-T'2007 ng Sang. Brgy. ng Santo Angel Central na naglalayong makapagdagdag ng badyet ng barangay na nagkakahalaga ng P150,156.00;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing halaga na ilalaan para sa 20% pondong pangkaunlaran (P30,031.20); 10% para sa Sang. Kabataan (P15,015.60); 5% para sa Calamity fund (P7,507.80); Election Reserve (P10,000.00); Personal na Paglilingkod (P10,000.00), Cash Gift ng Sangguniang Barangay (P50,000.00) at sa Balanseng walang Pinaglalaanan (P27,601.40) ay magmumula sa karagdagang IRA (Internal Revenue Allotment) para sa taong kasalukuyan na nagkakahalaga ng P150,156.00;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing karagdagang badyet ng Brgy. Santo Angel Central ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Pambayang Lupon sa Pananalapi.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco, Ricardo B. Ramirez at Romulo A. Elca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 69-T'2007/ Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 02-T'2007 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central na nagpapatibay ng karagdagang badyet ng nabanggit na barangay na may kabuuang halagang P150,156.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet at Sang. Brgy. Santo Angel Central, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

12/24/07